**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 10, 197-207




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Lakbay-silip gandang Castillanun: Mga atraksyong panturismo

Millena, Cristine Grace Key J. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (cristinegracekey.millena@deped.gov.ph)*
Mariano, Sharon D.
*Sorsogon State University, Philippines (sharondivinamariano@gmail.com)*

**Received**: 10 May 2025 **Revised**: 25 May 2025 **Accepted**: 1 June 2025
**Available Online**: 3 June 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25148

***Abstract***

Natiyak sa pag-aaral na ito na makilala ang mga natatanging turismo sa bayan ng Castilla, lalawigan ng Sorsogon, taong 2025. Deskriptib- kuwalitatib ang disenyo ng pananaliksik. Purposive sampling ang ginamit sa pagkuha ng datos (10) impormante kabilang ang Lokal na pamahalaan, kagawaran Ng edukasyon, komunidad at sa kagawaran ng turismo. Nagsagawa ng isang interbyu at sarbey ang mananaliksik. Ang mga nalikom na datos ay binigyan ng naayon na pag-aanalisa, pagsusuri, at interpretasyon sa tulong ng tematik -analisis at pagbibilang. Natuklasan na ang bayan ng Castilla sa Sorsogon ay kilala sa mga likas na tanawin at atraksyon. Malaki ang benepisyong naiaambag ng turismo sa kabuhayan, kultura, at kaunlaran ng komunidad at lokal na pamahalaan. Isang magasin ang binuo upang ipalaganap ang impormasyon at kagandahan ng mga pasyalan sa lugar. Batay sa natuklasan na buo at inilahad ang sumusunod na konklusyon: Iba -iba ang pagkakilanlan ng mga natatanging turismo sa bayan ng Castilla. May mahalagang benepisyong dulot ang turismo sa bayan ng Castilla sa iba't ibang larangan. Ang nabuong magasin ay maaaring basahin at ibahagi upang maipakilala pang lalo ang turismo sa bayan ng Castilla. Batay sa nakuhang kongklusyon sa pag-aaral na naisagawa, inirekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod: Patuloy na kilalanin at paunlarin ang mga turismong mayroon ang bayan ng Castilla. Mas paunlarin at tangkilikin ang pambansang wika natin tungo sa mas malagong turismo. Pagyamanin pa ang mga benepisyong naidudulot ng turismo. Maging batayan ang mungkahi ng pag-aaral sa ika-uunlad ng turismo sa bayan ng Castilla. Magamit ng lokal na pamahalaan para maging batayan sa paggawa ng proyekto para sa pagpapaunlad ng mga natatanging turismo sa bayan ng Castilla.

***Keywords:*** lakbay-silip, turismo, atraksyon, Castilla, ambag, benepisyo

© The Author(s) / Attribution-NoDerivs CC BY-ND

# Lakbay-silip gandang Castillanun: Mga atraksyong panturismo

## 1. Introduksyon

Ang turismo ay may maraming positibong epekto para sa isang bansa, lalo na sa Pilipinas. Bilang isang arkipelago, ang Pilipinas ay mayaman sa mga kagandahang natural. Bukod dito ang Pilipinas ay likas din sa kultural at tradisyunal na aspeto ng pamumuhay. Ang pagpasok ng turismo ay isa sa mga dahilan kung bakit lumaganap ang ating ekonomiya. Kapag nangyari ito, maraming tao ang mabibigyan ng trabaho at magkakaroon ng kultural na pakikihalubilo sa mga dayuhan. Kaya't malaking bagay ito upang mas mapaunlad pa ang ating lugar maging din ang ating bansa. Alam naman natin na tayo ay may biyayang natanggap mula sa itaas ay ang pagkakaroon ng mga likas na yaman na wala naman talagang hahanapin pa kundi ang mahalin at mas lalo pang pagandahin.

Ayon sa UNWTO COVID-19 and Tourism (2020), mas nakilala ang lokal na turismo dahil mas pinili na lamang ng mga turista ang mag-staycation o magbakasyon sa malapit na lamang sa kanilang tahanan. Kasabay nito ay ang paghahanap ng mga tao ng isang awtentikong lugar kaya naman mas nabigyang - pansin ang mga lokal na komunidad. Kasama sa pagiging awtentiko ng isang lugar ay ang mga istorya sa likod nito. Mga kuwentong nagsasalaysay kung paano ito nabuo at umusbong na lugar. Sa pamamagitan nito mas makikilala at mananatili sa mga puso't isipang ng mga turista na puntahan at balik-balikan ang nasabing lugar. Ang turismo rin ang nagsisilbing lakas na tumutulak upang protektahan at pangalagaan ang mga natural at kultural na pamana ng may lumikha nang sa gayon ay mas ingatan at mahalin para sa mga susunod na henerasyon. Ang mga nasabing pahayag ng UNWTO ang isang basehan na nagpapatotoo na kailangang pag-aralan ang mga natatanging turismo ng bawat lugar nang sa gayon ay mapangalagaan at maprotektahan upang mas higit na mapahalagahan at mapakinabangan ng mga susunod na henerasyon.

Batay rin sa National Comission for Culture and Arts na siyang namumuno sa paggawa ng mga batas para sa kultura at Arte, Ang komisyon ay inatasan sa ilalim ng R. A 10066 o mas kilala sa tawag na National Cultural Heritage Act of 2009 (Republic of the Philippines, 2010). sa pamamagitan ng mga kultural na ahensiya at mga lokal na pamahalaan ng magtatag at mapanatili ang Philippine Registry of Cultural Property o (PRECUP). Inatasan ang mga lokal na pamahalaan na mapanatili ang imbentaryo ng mga kultural na pagmamay-ari na nasa ilalim ng kanilang hurisdikyon at magbigay ng kanilang tala sa NCAA.

Ayon naman sa Batas Pambansa Blg. 9593, kailangang isulong ang industriya ng turismo bilang sustenable, responsable, nakikilahok, sensitibo sa usaping kultural, mabubuhay sa ekonomiya na mayroong etikal na pagkakapantay-pantay para sa lipunan at sa lokal na komunidad. Ang batas na ito ay naglalayong isulong ang turismo na hindi lang naglalayong makatulong bagkus para mapaunlad ang isang lugar at mapanatili ito. Hindi nililimitahan ng batas na ito ang turismo bagkus pinalalawak pa nito ang saklaw pagdating sa kultura (Republic of the Philippines, 2009). Marahil, marami mang kaguluhan ang nangyayari ngayon sinubok man tayo ng pandemya, hindi ito hadlang para mapalago ang ang turismo bagkus ito pa ang magsisilbing instrumento upang matuunan ng pansin ang mga proyektong nakalaan dito. Ang Pilipinas ay isang bansang maliit na may magandang pigura na matatagpuan sa Timog-silangang Asya napapaligiran ng karagatan Pasipiko. Ito ay isang arkipelago na binubuo ng 7, 10 mga isla at *islets*. At may tatlong malalaking rehiyon ito ay ang Luzon, Visayas at Mindanao (Arellano, 2020). Ang mga isla sa Pilipinas ay karamihang binubuo ng mga bato na galing sa bulkan at korales (Zubiri, 2023).

Ang pamahalaang panlalawigan ng Sorsogon sa muling pagbubukas ng mga pintuan nito sa mga lokal at dayuhang turista na may mas magandang imprastraktura, pinabuting pasilidad, at may mas maraming atraksyon sa ilang mga lugar ng turismo. Dahil ag Sorsogon ay isa sa mga lugar na may magagandang tanawin at maganda kung bisitahin. Ayon kina Bigne et al. (2001) ang imahe ng isang lugar ay itinuturing na isang mahalagang salik

sa iba'tibang konseptuwal na mga balangkas na naglalarawan sa proseso ng pagdedesisyon ng mga turista. Ang imahe ng turismo ay may ilang impluwensiya sa kalidad na inaakalang nakikita ng mga turista. At ito ay magtatakda kung paano nila ihahalintulad ang kalidad. Ang imahe ng destinasyon ay may epekto sa pagkilala ng halaga ng isang turista (Jin et al., 2013).

Isa sa mga bayang matatagpuan sa lalawigan ng Sorsogon ay ang bayan ng Castilla. Ito ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng Manito, Albay, timog ng Sorsogon Bay, Kanluran ng Pilar, Sorsogon at Silangan ng Sorsogon City. Ito ay may kabuoang lawak na 186.20 square kilometers o 71.89 square miles at binubuo ng 34 barangay na kinabibilangan ng Amomonting, Bagalayag, Bagong Sirang, Bonga, Buenavista, Burabod, Caburacan, Canjela, Cogon, Cumadcad, Dancalan, Dinapa, La Union, Libtong, Loreto, Macalaya, Maracabac, Mayon, Maypangi, Milagrosa, Miluya, Monte Carmelo, Oras, Pandan, Poblacion, Quirapi, Saclayan, Salvacion, San Isidro, San Rafael, San Roque, San Vicente, Sogoy at Tomalaytay. Ang pangunahing wika dito ay Bikol-sentral, Sorsoganon, at Tagalog (Esquibel, 2024). Batay sa obserbasyon ng mananaliksik may ilan pa sa mga lugar na hindi pa talaga nakikilala at nararapat lang na maipakilala sa kadahilanang isa itong paraan para mas kilalanin ang bayan ng Castilla pagdating sa larangan ng turismo. Ito ang nagtulak sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral sa panturismo ng Castilla.

Sa pamamagitan nito mas magiging maayos ang paraaan upang ang turismo ay mabigyan ng halaga sa lugar na ating dapat na tangkilikin dahil ito ang magbibigay ng daan para makilala masilip ang gandang naiiba at maipakita at magkaroon ng interes ang mga turista na puntahan ang maipagmamalaki nating bayan lalo na ang bayan ng Castilla na nagsisimula palang umusbong sa larangan ng turismo. Ito ay isang panimulang pagtatangka upang tuklasin, lakbaying ang bayan ng Castilla. Sinasaklaw ng pag-aaral na ito ang mga natatanging lugar na dapat tangkilikin at silipin ng mga turista. Sa ganitong pagkakataon, ang mananaliksik ay magsasagawa ng isang panayam sa mga kalahok at iyon ang magsisilbing paraan upang mas makilala pa ang lugar. Gamit ang wikang Filipino ng mananaliksik, upang maipakilala ang mga naturang lugar.

***Layunin ng pag-aaral -*** Natiyak sa pag-aaral na ito na maipakilala ang atraksyong panturismo sa bayan ng Castilla. Matukoy ang iba't ibang atraksyong panturismo sa bayan ng Castilla. Masuri ang mga benepisyong maiaambag ng mga atraksyong panturismo sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng komunidad at makabuo ng angkop na babasahing materyal na magpapakilala sa mga atraksyong panturismo sa bayan ng Castilla.

## 2. Metodolohiya

Natiyak sa pag-aaral na ito na makilala ang atraksyong panturismo sa bayan ng Castilla. Deskriptib-Kuwalitatibong disenyo ang ginamit sa paglikom ng datos at impormasyon. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga impormante sa pag-aaral. Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng Komunidad, Kawani ng lokal na Pamahalaan, Kawani ng lokal na Turismo, at Kagawaran ng Edukasyon sa bayan ng Castilla. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng datos sa mga kalahok. Ang mga kalahok ay mula sa 10 barangay. Ito ang barangay ng San Isidro, Salvacion, Poblacion, Macalaya, La Union, Canjela, Bagong Sirang, Bagalayag, Buenavista at Cumadcad. Napili ang mga impormante sa pag-aaral dahil sila ang mas may kakayahan na magpili ng mga natatanging turismo sa bayan ng Castilla at may sapat na kaalaman tungkol sa mga kuwento sa mga nabanggit na atraksiyon sa bayan.

Naghanda ang mananaliksik ng talatanungan na may kaugnayan sa mga atraksyong panturismo sa Castilla, mga benepisyong dulot ng turismo, at mga babasahing materyal na maaaring mabuo. May nakalaang espasyo para sa karagdagang sagot ng mga kalahok. Isinagawa rin ang harapang interbyu upang mapagtibay ang bisa ng instrumento, na inayos batay sa mga suhestyon para umangkop sa layunin ng pag-aaral. Ang mga datos na nakalap mula sa mga impormante ay masusing sinuri at inanalisa ng mananaliksik. Ginamit ang pagtatala upang matukoy ang natatanging pagkakakilanlan ng turismo sa bayan ng Castilla. Upang matuklasan ang mga benepisyo ng turismo sa komunidad, lokal na pamahalaan, edukasyon, at sektor ng panturismo, ginamit ang Tematik Analisis.

## 3. Natuklasan

Inilahad sa bahaging ito ang interpretasyon sa mga nakalap na datos buhat sa mga kalahok sa pag-aaral na ito. Nagsilbing kasagutan sa nga suliraning inilahad ang mga nakuhang sagot batay sa resulta ng pag-aaral na ito. Pasunod-sunod na inilahad ang datos: 1. Pagkakakilanlan ng natatanging turismo sa bayan ng Castilla. 2.Benepisyong maiaambag ng atraksyong panturismo sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng komunidad. 3. Babasahing materyal sa pagpapakilala ng atraksyong panturismo sa Castilla.

### *3.1 Pagkakakilanlan ng Natatanging Turismo sa bayan ng Castilla*

Ang bayan ng Castilla na matatagpuan sa lalawigan ng Sorsogon, Pilipinas ay kilala para sa kanyang natatanging turismo at atraksyon sa lalawigan ng Sorsogon. Itong bayan ay isa sa mga bayan ng Sorsogon na may magagandang destinasyon para sa mga taong naghahanap ng kalikasan, kultura, at mga serbisyong turismo na wala sa iba. Ang mga atraksyong turismo ay hindi lamang nagbibigay kaligayahan at aliw kundi ngbibigay rin ng pagkakataon sa mga tao na magkaroon ng mas malalim na koneksyon sa kalikasan at kasaysayan ng isang lugar. Ang sumusunod ay mga impormasyong ng mga natatanging turismo sa bayan ng Castilla.

**Mga Beach**

Ang sumusunod na mga beach sa bayan ng Castilla ay nagtatampok na iba't ibang nakakamanghang mga atraksyon na siyang nag-aalok ng kakaibang karanasan sa mga pumupunta rito. Dagdag pa rito ang kakaibang naibibigay na paraan at gawain upang makapagbigay ng aliw at kasiyahan sa mga turista.

***Malawmawan Island.*** Isa sa mga dinarayo na lugar dito sa bayan ng Castilla. Ang atraksyon na ito ay may maputing buhangin, malinis na lugar at kadalasang dinarayo ng mga turista. Walang cottage pero sulit naman sa ganda ng tanawin ang lugar. Kapag nasilayan mo ito saglit mong makakalimutan ang iyong mga dinaramdam sa sobrang sarap ng hangin at mapreskong tubig. Ang nasabing beach na matatagpuan sa bayan ng Castilla ay may kakaibang ganda na maihahalintulad sa mga sikat na pasyalan dito sa Pilipinas.Ito ang nagsisilbing dahilan kung bakit binabalik-balikan ng mga turista. Ang Malawmawan Island ay matatagpuan sa Barangay ng Macalaya, Castilla, Sorsogon.

***Don Picaso Malawmawan Sand Resort***. Ito ay matatagpuan pa rin sa barangay Macalaya ng bayan ng Castilla. Tunay na tatatak sa panlasa ng turista dahil sa naturalidad nitong ganda may malinaw na tubig at mapreskong hangin at tiyak na mamahalin mo sa sandalig mapunta ka rito. Maayos na ang daan papuntang barangay Macalaya na may layong 13.4km mula sa kabisera ng bayan. Mula sa Sorsogon, maaaring sumakay sa SITEX Sorsogon Integrated Terminal Exchange maaaring sumakay sa modernong dyip o bus byaheng Castilla. Mula sa kabisera Castilla sasakay ka ng dyip papuntang barangay Macalaya. May pamasahe itong isang daang piso. Mayroon itong mga cottages na malapit sa tabing-dagat na maaaring pahingahan ng mga turistang dumarayo dito na nagkakahalaga ng 500-700 na piso. Mayroon din close cottage na 700-1000 na piso ang bayad para sa dalawang (2) tao at 3000-5000 naman sa pampamilyang kwarto. Hanggang sa kasalukuyan, isa pa rin sa atraksiyong panturismo ang Don Picaso Malawmawan Resort sa bayan ng Castilla na dinarayo ng iba't ibang turista galing sa malalayong lugar.

***Burubaybay Beach***. Matatagpuan ito sa barangay ng Bagong Sirang, ito ay isang atraksyon na mahangin at maraming puno sa may gilid ng baybayin, malinis at wala gaanong ingay na maririnig malayo sa ingay ng siyudad. Sa nasabing destinasyon ito ay magandang pahingahan kung gusto mong magpiknik kasama ang mahal sa buhay o kaya naman ang iyong mga kaibigan upang makapagpahinga ng maayos. Ang buhangin dito ay medyo malalaki ngunit napakasariwa ng ihip ng hangin na tiyak magugustuhan mong makapagrelax at malayo sa ingay ng mga sasakyan at tao. Ang destinasyon na ito ay maaaring puntahan sa pamamagitan ng pribado o pampublikong sasakyan. Mula sa Sorsogon SITEX sasakay ka ng modernong dyip o bus papuntang Castilla at may pamasahe na 45 na piso, pakatapos ay sasakay ng traysikel papuntang Barangay Bagong Sirang na may pamasaheng 65 na piso. Kung ang hanap mo naman ay adventure ang atraksiyon ito ay madalas puntahan ng

mga turista na gustong maranasan ang pagsakay sa bangka sa halagang 500-1000 na piso tiyak na pasamantalang malilimutan mo ang iyong suliranin sa buhay sa aliw na dulot nito.

***Puro Island.*** Isa ito sa dalawang Island ng bayan ng Castilla na matatagpuan sa barangay Bagalayag sa bayan ng Castilla. Ito ay may magagandang puno na tiyak papatok para sa pagkuha ng larawan at sa linaw, linis ng tubig ito'y tunay na kawiwilihan mo para ikaw ay makarelax at maging masaya. Wala kang ibang makikita dito kundi ang ganda ng dagat at sarap ng hangin na dadampi sa iyong mga balat. Ang paraan upang makatungo ka rito ay sasakay ng bangka na nagkakahalagang 500-1000 ngunit wala namang cottages dito na maaaaring bayaran kung kaya't simpleng piknik o kasiyahan. Hanggang sa kasalukuyan, isa pa rin sa atraksiyong turismo ang Puro Island sa bayan ng Castilla na dinarayo ng iba't ibang turista galing sa malalayong lugar.

**Resort**

Sa bayan ng Castilla, maliban sa natural na mga paliguan, may mga resort din na matatagpuan dito. Ang mga ito ay nag-aalok ng kakaibang karanasan para sa mga dayuhan, tulad ng makapigil-hiningang tanawin at mga aktibidad na may kaugnayan sa lokal na kultura.

***Villa Sotto Resort.*** Matatagpuan sa Poblacion Castilla Sorsogon na may 2.5 na kalahating kilometro. Ito ay isang atraksiyon na mayroong malaking Hall para sa isang okasyon kung sakaling gugustuhin mong magrelaks at magsaya kung mayroong ipagdiriwang. Sa nasabing resort ay talagang mararamdaman mo ang katahimikan na gugustuhin mo kung ikaw ay nasa probinsya. Napapaligiran ito ng malinis at magandang damuhan na tiyak na sasariwa sa paningin ng mga dayuhan. Mayroon din silang mga villa cottage o bahay pahingahan na kung saan kakasya ang buong pamilya na nagkakahalaga ng 3000 libong piso o higit pa sa loob ng 12 na oras. Ayon sa pamilya Sotto ang may ari ng atraksiyon ay patuloy na pagdedebelop ng kanilang resort para sa mas lalong puntahan o dayuhin ng mga turista.

***Gabito's Spring Resort.*** Kung gusto mo naman presko at malamig na tubig ang atraksiyon na ito ay madalas dayuhin ng mga turista na gustong maranasan ang sarap ng lamig ng tubig sa halagang 10 piso na tiyak malilimutan mo pansamatala ang init ng panahon sa sayang dulot nito. Ang entrance fee ay 10 piso sa matanda at 5 piso naman sa bata. Mayroon din silang open cottages na nagkakahalaga ng 250 piso sa maliit at 300 naman sa malaki. Ito ay matatagpuan sa barangay La Union sa bayan ng Castilla. Ito ay kilala noon sa tawag na Sagurong Spring Resort napalitan ito nang mabili nang pamilya Gabito kaya pinangalanan itong Gabito's Spring Resort. Ito ay nagsisilbing dahilan kaya't binabalik-balikan ang bayan ng Castilla hindi lang sa mura bagkus sobrang ganda nito dahil sa napapaligiran ito ng maraming puno na dati ay mayroon na nito. Tinatayang 500 na turista ang pumupunta dito o higit pa kada araw mayroon ang nasabing atraksiyon.

***Canjela Falls.*** Ang lugar ay malayo sa sentro ng Castilla tinatayang 8 o higit pang kilometro, matatagpuan sa barangay ng Canjela. Ito ay likas na yaman ng lugar na nagbibigay ng kakaibang karanasan sa mga bisita dahil bago ka makarating dito ay maglalakad ka muna upang masilayan ang ganda nito. Mula sa maganda at malinaw na tubig nito ikaw mamamangha sa ganda ng kalikasan, nagbibigay din ito ng adventure sa mga dayuhan. Sinusukat din nito ang tatag at lakas ng mga bisita sa paglakad at pag-akyat patungo sa lugar ngunit kapag ito ay nasilayan mo talagang makikita mo ang tunay na kagandahan ng likas na yaman mayroon ang lugar.

Hindi pa ito gaanong modernisado kaya naman ramdam na ramdam ang pagiging natural ng lugar. Bago marating ang lugar kinakailangang ka munang sumakay ng traysikel o motorsiklo upang marating ang nasabing lugar. Ang pamasahe kung sasakay ka ng motorsiklo ay nagkakahalaga ng 60 na piso. Hindi makakapasok dito ang mga sasakyan dahil makipot ito at kinakailangan mo lamang na lakarin mula sentro ng Canjela patungo sa mismong talon kailangan lakbayin ito ng 3 kilometro. Maari ding manatili dito ng sandali dahil mayroon namang pahingahan. Maari namang maligo sa naturang talon sapagkat taglay nito ang malinis at malinaw na tubig. Bukas ito sa pampubliko at hindi kinakailangang magbayad ng entrance fee ngunit bago dumilim ay kinakailangan ng umalis o makabalik sa pinakasentro sapagkat wala pa ritong kuryente at may distansiya ito sa sentro ng barangay.

Ang pagkakaroon ng ganitong pasyalan at uri ng turismo sa bayan ay nangangailangang magkaroon pa ng mas malawak na paraan para mas mapaunlad at kilalanin o maialok ng mahusay sa mga dayuhan. At magiging daan ito para sa mas maunlad na turismo sa bayan ng Castilla. Ayon kay Citarella (2018) ang talon ay matagal ng kilalang atraksyon sa turismo dahil sa kagandahan at natural na paliguan para sa aktibidad na pang madla.

***Castilla River Front.*** Ang naturang atraksyon ay matatagpuan mismo sa sentro ng Castilla o bayan ng Castilla sa katabi ng Munisipal hall. Kung ikaw ay galing sa Sorsogon SITEX sasakay ka lang ng dyep o bus at 40 hanggang 45 minuto anggugugulin mo upang marating mo ang nasabing atraksiyon at 50 lang naman ang pamasahe mula Sorsogon hanggang Cumadcad, hindi mo na kailangang pang maglakad mula pagbaba hanggang sa nasabing turismo. Bago pa lang itong atraksyon sa nasabing lugar kaya't hindi pa gaanong napaganda pero sulit naman kung ikaw ay makakasakay sa floating cottage nila. Masisilayan mo ang naturang ilog na malinis at malinaw na taglay na ito. Mayroon ding tindahan ng mga naturang produkto o Pasalubong Center kung gusto mong makatikim ng mga naturang kakanin na mayroon ang bayan. At higit sa lahat bukas ang pinto ng mga taga-Castilla para saiyong pangangailangan kung mayroon man. Kung makikita sa social medya isa na itong lugar na tampok at dinarayo sa barangay ng Cumadcad. Magkakaroon ng kakaibang saya sa sinumang makapunta dito at maganda rin kung ikaw mismo ang kukuha ng larawan kasama ang mahal sa buhay umaga man o gabi.

***Bukid Ilaria.*** Naitayo ang nasabing pasyalan noong panahon ng pandemya sa pagtaguyod ng nasabing kilalang pamilya at sa bagong nakabili nito. Noong una pampamilya lang ang sabing pasyalan hanggang sa naging atraksyon na ang lugar. Ito ngayon ang pinakapupuntahang lugar sa barangay ng San Isidro sa bayan ng Castilla. Halos marami ang nagpapareserve dito lalo na kung linggo o walang pasok. Bakasyunan o pahingahan kung sobra ang stress ang nararamdaman mo sapagkat mayroon silang , unlimited coconuts, Air -conditioned Hot and Cold Shower, ATV Welcome Ride at Carabao Ride, KTV and Outdoor Movie /Bonfire, Giant Tub for Swimming, Playground and Lawn Games, See the Single Bees, Farm animal Encounters at hindi mawawala nag native foods na papatok sa panlasa mo at ikaw rin ang pipili kung ano ang gugustuhin mo. Maayos din ang pagtanggap saiyo ng mga taong namamahala dito na tiyak ay magugustuhan mo sa sobrang bait nila at hindi ka mag-aatubiling humiling kung anuman ang iyong kahilingan. Pasok na pasok ito sa bonding ng pamilya at kaibigan kung gusto mo ng quality time.

Ang mala-probinsyang lugar ay nagbibigay ng kaginhawan sa mata, puso at isipan mo upang ito'y balikan, muling ipaalala kung gaano kasarap mamuhay ng simple o payak kasama ang mga mahal sa buhay. Mayroon lang itong 1 hanggang kalahating kilometro kung iyong lalakarin ngunit sulit naman kapag narating ang nasabing lugar. Maari namang makapasok ang sasakyan pero pwede namang iwanan lang ito malapit sa kalsada o labasan. Bago palang ang nasabing lugar pero madalas na itong puntahan ng mga turista dahil sa natural na ganda at sarap ng hanging mayroon ang nasabing turismo.

***Rolling Hills.*** Ito ay matatagpuan sa barangay Salvacion sa bayan ng Castilla. Isang magandang lugar na matatagpuan sa bayan Castilla at masisilayan mo ang ganda ng Bulkang Mayon at bundok na nakapaligid dito. Isang lugar na papawi sa problema na iyong nararamdam lalo na kung masilayan mo ang perpektong hugis ng Mayon. Isang lugar na pupukawin ka sa naturang ganda at babalik-balikan mo oras na ikaw ay mapunta rito dahil sa sobrang ganda at preskong hanging malalasap mo. Mataas na lugar at hahamunin ang iyong lakas sa paglalakad dahil humigit kumulang 2 hanggang 3 kilometro ang layo mula sa sentro ng Barangay Salvacion. Hindi kayang akyatin ng mga sasakyan kaya't ito ay talagang lalakarin mo, pagpapawisan ka sa pagod pero kasabay nito ang sarap na matatamasa mo oras na naabot mo ang nasabing atraksiyon. Ito ay walang entrance fee kung kaya't bukas sa publiko ang nasabing lugar. Natuklasan din ito noong panahon ng pandemya at nakilala sa pamamagitan ng pasalin dila at ngayon tinatangkilik o dinarayo na kahit pa hindi pa gaanong napaganda ng lokal na pamahalaan ang daan patungo dito.

***Rock Formation.*** Ito ay matatagpuan sa Barangay Caparus sa bayan ng Castilla. Isang lugar na kakaiba ang hugis ng bato presko sa mata at dalampasigan ang bubungad sayo. Dinarayo ito kahit pa napakalayo nito mula sa

sentro ng Castilla. May taglay itong kwento nang kababalaghan subalit ito'y nagsisilbing kwento ng mga matatanda. Magandang tanawin, malinis at payapang lugar kung iyong pagmamasdan sa ganda ng batong iyong makikita tiyak na mahuhumaling kang magpakuha ng larawan dito at sasabihin mong maganda diyan nakapunta na ako diyan. Masarap na simo'y ng hangin at lamig na tubig ang naghihintay sayo oras na maisipan mong mapunta rito. Mayroon ding mga cottages dito na magaganda at mura lang ang halaga at magugustuhan mo ding maligo dahil sa linis at linaw ng tubig.

Sa mga lugar na dinarayo ng mga turista hindi nawawala ang resort o dulugan. Iba-iba ang istilo nito kagaya na lamang sa Castilla mayroong apat na resort na kilala na kadalasang tinutuluyan ng mga dayuhan. Nangunguna dito ang Don Picaso Malawmawan Beach Resort ayon sa 40 na sagot mula ng kalahok. Pangalawa ang Gabito's Spring Resort na may 35 na sagot mula sa mga kalahok. Matatagpuan naman ito sa Barangay La Union. Dinaragsa ito ng mga turista tuwing bakasyon lalo na kung mainit ang panahon. Ipinapakita nito na sumusuporta din ang turismo pagdating sa pangkabuhayan ng mga Castillanun. Tuloy ang operasyon ng mga resort at beaches dahil sa patuloy na pagtanghilik ng mga turista. Ayon kay Lagman (2008), ang puspusang aksyon ng departamento ng Turismo at masigasig na partisipasyon ng pribadong sektor at pag-eenganyo nito upang mapataas at mapalawak ang imprastraktura, kagamitan at sistema na may kaugnayan sa turismo upang maipakita ang magandang industriya ng turismo ng Pilipinas.

Implikasyon nito ang pagkakaroon ng mga turismo sa Castilla ay may naitutulong sa mamamayan lalo na pagdating sa larangan ng kabuhayan. Magkakaroon ng alternatibong pagkakakitaan ang iba na umaasa galing sa kalikasan lalo na ang may kaugnayan sa turismo. Sa kabilang banda, higit na makikilala at mapauunlad ang turismo ng Castilla. Mapapanatili rin ang identidad ng mga Castillanun sa ibang lahi. Ayon kay Cruz (2014), may magandang epekto ang turismo pagdating sa ekonomiya. Makikita ito sa transaksyon, trabaho, kita, at pangangalakal ng mga dayuhan o turista. Malaki ang naitutulong ng turismo sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa at naghahatid ito ng trabaho sa mga mamamayan.

*3.2 Benepisyong maiaambag ng atraksyong panturismo sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng komunidad.*

Isa sa mahalagang sektor sa pag-unlad ng lokal na pamayanan ay ang turismo lalo na sa bayan ng Castilla. Marami ang naibibigay na benepisyo nito sa mga tagarito bagkus pati rin sa pamahalaan, panturismo, at edukasyon. Sa ikalawang bahagi tatalakayin natin ang mga benepisyong dulot ng turismo sa bayan ng Castilla.

Ang benepisyong dulot ng turismo sa bayan ng Castilla sa komunidad. Ang turismo at komunidad ay may ugnayan sa bawat isa. Ang turismo ay pangunahing sektor na nakatutulong sa komunidad, at ito ay may malaking epekto sa pag-unlad ng isang lugar o bansa. Ipinapakita na higit na makatutulong ang turismo sa isang lugar kung ito'y maunlad. Makikita sa pag-aaral na mas marami ang sumang-ayon na higit na makakatulong ito sa Human Capital ng mga taga-Castilla sa kadahilanang pinagkukunan o karagdagang income ito ng mga mamamayan dito, pangalawa Natural Capital dahil likas na yaman ang iba sa mga atraksyon dito. Pangatlo, Social Capital ito ay nagsisilbing kasiyahan ng mga tagarito at paraan upang makipagkapwa tao, Pang-apat, Physical ito ay nagsisilbing paraan para mas ayusin pa ang mga lugar sa pamamagitan ng pagpapalago at pagsasaayos ng mga daan dahil sa nasabing atraksyon at panglima ay Financial sa ganitong paraan mas makatutulong ito sa mga tagarito na madagdagan ang kanilang mga pangangailangan. Ito ay nangangahulugan lamang na ang pagkakaroon ng maunlad na turismo ay malaking tulong sa komunidad. Kung kaya't ito ay may mahalagang papel sa komunidad na magkaroon ng trabaho, pagbuo ng kita, at pagpapaunlad ng istraktura. Kaya't ang pagkakaroon ng epektibong pagpaplano at pamamahala ay mahalaga upang mapausbong ang positibong epekto ng turismo sa komunidad. At hindi lang iyon ang mga lugar ay magsisilbing lugar para makapagsagawa ng anumang gawaing panlabas o recreational.

Ang magandang implikasyon ng komunidad sa turismo ay malaking tulong upang mas umangat ang isang lugar. Kapag malaki ang suporta ng lokal na pamahalaan makikita ang pagmamalaki nito sa pagpapalago ng turismo at mas mapapabuti ang pag-angat ng kita, paglikha ng trabaho, pagpapabuti ng imprastruktura, at

pagpapalaganap ng kaunlaran patungkol sa turismo. Sa pananaliksik ni Santayana ayon kay Sari at Nazli (2013) isa ang turismo sa may ilang epekto sa mga residente batay sa kung paano sila makipag-ugnayan dahil ito ay sosyolohikal, sikolohikal, ekonomiko at pangkalikasang pangyayari. Kung kaya't sa paraang sikolohikal impluwensya ng damdamin ang binibigyan ng pokus, kung paano ang pakikitungo sa mga turista. Sa ganitong paraan mas makikilala ang isang lugar kung mas mabuti ang maglilingkod sa kanila at taos pusong nakikipagkapwa tao para makilala ang nasabing lugar ay talagang babalik balikan. Higit na makakapagbigay ng pansin ang magandang pag-uugali ng komunidad upang mapanatili ang pagtangkilik sa lugar na ito ng mga dayuhan.

Sa pagkuha ng tugon mula sa mga kalahok aking napansin na marami ang nabigyan ng trabaho dahil sa mga nasabing panturismo. Dahil ang pagbubukas ng panturismo ay karagdagang hanapbuhay sa mga tao lalo na sa pinakamalapit sa nasabing pangturismo. Nagpapakita ito na mahalaga ang pagkakaroon ng mga lugar panturismo sa sapagkat ito ay karagdagang hanapbuhay, libangan at pagkakakitaan para sa residente. Nagpapahiwatig ito na hindi lamang sa mga bisita nagdudulot ng kasiyahan bagkus sa mga residente na malapit dito at higit sa lahat nagdudulot ito ng positibong epekto sa lokal na ekonomiya. Ang benepisyong dulot ng turismo sa lokal na pamahalaan. Malaki ang benepisyong dulot ng turismo sa lokal na pamahalaan at nagdudulot ito ng positibong epekto. Ito ay nagdudulot ng ekonomikong pag-unlad subalit kinakailangan itong pangalagaan upang mapanatili ang magandang epekto nito. Ang pagkakaroon ng turismo ay isang paraan upang mabigyan ng pansin ang mga hindi gaanong nabibigyan ng pansin na pangturismo na muling ipamasid at buhayin ito na makilala at makatulong sa bayan.

Sa pananaliksik ni Santayana ayon kina Javier at Elazigue (2011) ang LGU ang may kapangyarihan, patakaran at imprastruktura at may mahusay na paraan ng pagpaplano upang makuha ng maayos ng komunidad ang kanilang benepisyo sa pamahalaan. Ang mga LGU ay malaki ang ambag sa pag-unlad ng isang komunidad dahil sila ang nagsusuri ng mga problema, nagbibigay ng koneksyon sa pagitan ng mamamayan at pamahalaan, mga ipinapatupad na patakaran at higit sa lahat ang nagbibigay ng impluwensya sa komunidad kung paano ito makitungo. Maituturing na tagagabay upang matutukan ang bawat indibidwal na komunidad para makabuo ng kapaki-pakinabang na resulta o bunga. Mahalagang papel ang ginagampanan ng lokal na pamahalaan hindi lang sa pag-unlad ng ekonomiya pati na rin sa pangangalaga ng kalikasan na siyang susulong sa pag-unlad ng turismo sa isang bayan. Batay sa Tourism Act of 2010, ang pangmatagalan pag-unlad ng turismo ay nakatuon sa lahat ng aspeto sa paraang pang ekonomiya, sosyal, at estetikong pangangailangan upang mapangalagaan ang kultural na integridad, mga pangunahing ekolohikal na proseso, biological diversity, at mga sistema ng suporta sa buhay.

Sa pag-unlad ng turismo kinakailangan bukas ang puso't isipan sa pagtanggap ng suporta mula sa komunidad. Hindi lamang ang lokal na opisyal ang may responsibilidad sa pagpapaunlad ng turismo kundi lahat ng sektor. Ang pagtutulungan ng bawat isa at ng iba't ibang sektor ay mas mabilis na paraan sa pagpapaunlad ng turismo, sa ganitong paraan lahat ay mabebenipisyuhan hindi lang isa ang lahat ng sakop nito. Ayon kay Komarudin (2013) mahalaga ang partisipasyon ng komunidad sa pag-unlad ng turismo dahil ito'y nagpapahintulot na mapalakas ang pakikitungo sa mga stakesholders na mabuo ng mas maayos na pamumulitika at pangkalahatang pagsang-ayon sa mas matibay na partisipasyon ng komunidad. Sa matatag at magandang samahan ng pamahalaan at komunidad makatutulong sa pamahalaang lokal na mas lalong mapaunlad ang kanilang lugar dahil sa mga pumapasok na dayuhan dito.

Ang benepisyong dulot ng turismo sa edukasyon sa mag-aaral at mga guro sa lugar na mayroong panturismo ay may direktang benepisyo mula rito. Makikita sa pag-aaral ang mahahalagang bagay at impormasyon patungkol sa mga lugar at iba pang may kaugnayan sa bayan ng Castilla. Magagamit ang nasabing pananaliksik sa pagtuklas ng mga lugar na hindi pa gaanong kilala sa pamamagitan ng mga impormasyon at iba pang datos na magpapakilala sa nabanggit na lugar. Hindi lang ito makatutulong sa pagkilala ng tradisyon at kultura. Magiging daan sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng bagong kurikulum at magkakaroon ng kamalayan hinggil sa kahalagahan ng turismo sa anumang larangan. Matututong tangkilikin at pahalagahan ang sariling turismo na mayroon sa lugar. At magagamit na lunsaran sa pagtuturo ng kultura at tradisyon sa bayan ng Castilla.

Mapupukaw ang interes sa pagbabasa ng lathalain hinggil sa turismong Castilla.

Ipinapakita na may mahahalagang lugar impormasyon patungkol sa mga lugar at iba pang bagay na may kaugnayan sa bayan ng Castilla. Nangangahulugan lamang na ang pagtukoy sa mga lugar na mayroong turismo ay makakatulong upang mas lalong magkaroon ng mahalagang impormasyon sa lugar at sa iba pang aspektong may kaugnayan sa bayan ng Castilla. Nagpapakita ito na ang kahalagahan ng pagtukoy sa mga panturismo sa bayan ng Castilla ay upang makita at magkaroon ng pagkakataon na mas mapaunlad at mapalawak ang impormasyon ang tungkol sa lugar na ito, na nagdudulot ng oportunidad na mapalago at mapaunlad ang turismo sa nasabing bayan. Ang implikasyon nito sa larangan ng edukasyon ay magamit ito sa akademikong pag-aaral batay ito sa pag-aaral ng mananaliksik. At ang mga impormasyon na patungkol sa panturismo ay magagamit ng mag-aaral at mga guro sa pagkatuto na may kaugnayan sa pag-aaral. Implikasyon lamang ito na may ambag o benepisyo ang turismo sa edukasyon lalo na sa pagkatuto ng mag-aaral.

Nagpapakita ito na may benepisyo sa edukasyon ang turismo sa pamamagitan ng mga impormasyon na may kaugnayan sa panturismo sa bayan ng Castilla. Naglalayong ipagpatuloy ang pagtangkilik na mas maitaguyod ang pag-unawa at pagpapaunlad ng turismo para sa mas kalidad at makatutuhanang pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga impormasyon na mapupulot sa pag-aaral mas mapapalawak nito ang kaalaman at pagkatuto ng mag-aaral patungkol sa bayan ng Castilla. Ang mga datos na ito ay nagpapakita na hindi lamang ito gabay kundi dagdag pang tulong upang mapatibay at magkaroon ng mas malawak na pag-aaral na makakatulong upang mapaunlad ang turismo at ang bayan ng Castilla. Ang mga ito ay magsisilbing batayan para sa pag-sasagawa ng pananaliksik kung saan maaaring matugunan ang layunin ng pag-aaral batay sa impormasyong nakalap. Magagamit sa larangan ng edukasyon at turismo na maaaring magamit sa iba't ibang sektor. Nagbubukas ito ng malalimang pag-aaral na magpapaunlad sa bayan ng Castilla.

Ayon sa pag-aaral nina Surban At Marbella (2022) magagamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng kultura at tradisyon ang turismo sa edukasyon na nagpapakita ng malaking impak upang mapalago ang kaalaman at pagkatuto sa pagtuturo sa larangan ng edukasyon. Ito rin ay magagamit sa bilang gabay sa pananaliksik, magkaroon ng kamalayan hinggil sa kahalagahan ng turismo sa anumang larangan at mapukaw ang interes na may bbenepisyo sa mga tao. Ayon kay Smith (2015) ang turismo ang siyang lahat na ngpapahalaga, nagpapangalaga at nagpapalago sa mga lugar na pinagpala sa likas na yaman, nagbibigay respeto sa kultura o nakasanayan ng mga tagarito, at naghihikayat upang tangkilikin sa pananaliksik at pag-aaral sa kultura at tradisyon. Nagpapakita ito upang mapahalagahan at mapanatili ng mga tao ang kanilang pagmamalasakit sa kanilang kultural na yaman sa pamamagitan ng pagtangkilik at pagpapaunlad.

Isa sa mga magiging ambag ng turismo sa edukasyon ang pangangalaga ng kultura para sa pagpapaunlad ng edukasyon na may kaugnayan sa nasaning sektor. At sa tulong ng mga turista sa pagbibigay ng karagdagang datos patungkol sa kultura at tradisyon ng lokal na komunidad, maaari silang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kanilang kultura o tradisyong kinagisnan. Ang datos na ito ay nagpapakita na nakakatulong ito upang mapanatili ang kulturang tradisyon ng komunidad.

## 4. Atraksyong Panturismo ng Castilla

Ito ay naglalaman ng isang magasin ng mga turismo at mga kuwentong nakapaloob sa bawat atraksyon at naglalaman ng mahahalagang datos ng lugar kung saan ito matatagpuan, lawak at layo ng lugar, makikita sa lugar, serbisyong ibinibigay at pahapyaw sa pinagmulan. Naglalaman ng mga larawan at mga paglalarawan sa mga ito na nasa anyong wika Filipino. Sa paraang ito ay magkakaroon ng ambag sa pagpapakilala at pagpapalago ang turismong taglay ng bayan ng Castilla.

***Rasyonal -*** Ang turismo ay isa sa may pinakamalaking ambag sa ekonomiya ng bansa. Kung kaya't pinahahalagahan ng pamahalaan at ng departamento ng turismo ang pagtangkilik dito. Sa larangan ng turismo ay mahalagang ipakita ang detalye ng mga nasabing atraksyon upang ipakita sa mga turista ang tungkol dito. Ito rin ay magsisilbing kaalaman sa mga turista lalo na ito ay may makasaysayang panturismo. Hindi lang panlilibang

ang mapulot nila bagkus ang kaalman patungkol sa isang lugar at may mabatid na impormasyon dito. Sa larangan ng edukasyon ang mga impormasyon ay maaring gamiting lunsaran sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito namumulat ang kaalaman ng mag-aaral sa mga atraksyon na mayroon sila. Bukod pa rito mas matututong pahalagahan ang mga lugar na mayroon nito.

***Pangkalahatang Layunin -*** Layunin ng magasin na ito ang maipakilala ang turismong taglay ng bayan ng Castilla atang ibang datos tungkol dito. Sa pamamagitan ng magasin na ito, inaasahan na mabibigyan ng pagkakataon ang mambabasa na mas lumalim pa ang alam sa mga yaman ng turismo at datos ng bayan ng Castilla.

***Tiyak na Layunin***

- Magbigay ng ideya at impormasyon sa mga turista kun ano ang kanilang maaring maranasan at puntahan sa naturang lugar.
- Maipakilala ang nakatagong ganda ng lugar upang suportahan ang lokal na ekonomiya at industriya sa pamamagitan ng pagpapakita ng kahalagahan ng ma lokal na likas na yaman.
- Matuklasan at maipagmalaki ang bayan ng Castilla. Mailahad ang mga datos patungkol sa turismo sa bayan ng Castilla.

## 5. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa natuklasan na buo at inilahad ang sumusunod na konklusyon: Iba -iba ang pagkakilanlan ng mga natatanging turismo sa bayan ng Castilla. May mahalagang benepisyong dulot ang turismo sa bayan ng Castilla sa iba't ibang larangan. Ang nabuong magasin ay maaaring basahin at ibahagi upang maipakilala pang lalo ang turismo sa bayan ng Castilla. Batay sa nakuhang kongklusyon sa pag-aaral na naisagawa, inirekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod: Patuloy na kilalanin at paunlarin ang mga turismong mayroon ang bayan ng Castilla. Mas paunlarin at tangkilikin ang pambansang wika natin tungo sa mas malagong turismo. Pagyamanin pa ang mga benepisyong naidudulot ng turismo. Maging batayan ang mungkahi ng pag-aaral sa ika-uunlad ng turismo sa bayan ng Castilla. Magamit ng lokal na pamahalaan para maging batayan sa paggawa ng proyekto para sa pagpapaunlad ng mga natatanging turismo sa bayan ng Castilla.

## 6. Talasanggunian

Banzuelo, N. (2023, June 15). *Tourism's contribution to GDP climbs to 6.2% in 2022*. BusinessWorld. https://www.bworldonline.com/top-stories/2023/06/16/529001/tourisms-contribution-to-gdp-climbs-to-6-2-in-2022

Cao, N. (2019). Storytelling and its effects on tourist experience.

Choi, S. S. (2016). A study on effect of tourism storytelling of tourism destination brand value and tourist behavioral intentions. *Indian Journal of Science and Technology, 9*(46), 1–6.

Chua, V. (2017, March). Assessment of sustainable tourism potentialities of Sorsogon, Philippines. *International Journal of Current Research, 9*(3), 4849–48505. https://www.journalcra.com/sites/default/files/issue-pdf/21552.pdf

Citarella, M. M. (2018). *Taking the plunge: Enhancing the visitor experience in waterfall-based state parks* (Doctoral dissertation, Clemson University).

Dredge, D., & Jenkins, J. (2003). Destination place identity and regional tourism policy. *Tourism Geographies, 5*(4), 383–407.

ESCAP, U. (1993). *The economic impact of tourism in the Philippines*. United Nations Economic and Social Commission for Asia and the Pacific.

Florida-Benitez, L. (2022). The impact of tourism promotion in tourist destinations: A bibliometric study. *International Journal of Tourism Cities, 8*(4), 844–882.

Galon, W., & Marbella, F. D. (2022). Wikang Filipino gamit sa pagpapakilala ng atraksyong turismo sa bayan ng Barcelona. *Research and Analysis Journal, 5*(12), 39–48.

Gunawijaya, J., & Pratiwi, A. (2018). How local community could contribute to the tourism development in rural area? *KnE Social Sciences*, 826–834.

Huckins, J. (2011). *Teaching through the art of storytelling: Creating fictional stories that illuminate the message of Jesus*. Zondervan.

Javier, A. B., & Elazigue, D. B. (2011, March). Opportunities and challenges in tourism development: Roles of government units in the Philippines. In *3rd Annual Conference of the Academic Network of Development Studies in Asia*, Nagoya University, Japan.

Kamaradurin, K. H. (2013). Local stakeholders' participation in developing sustainable community-based rural tourism (CBRT): The case of three villages in the East Coast of Malaysia. *International Conference on Tourism Development*, 33–40.

Kim, J. H., & Youn, H. (2017). How to design and deliver stories about tourism destinations. *Journal of Travel Research*, *56*(6), 808-820.

Luga, M. V. C. (2021). Turo-Turismo Culture-Based Instructional Materials for SHS English. *Turo-Turismo Culture-Based Instructional Materials for SHS English*, *80*(1), 13-13.

Luo, Y. (2022, July). The Role of Language and Cultural Commodification in Tourism. In *2022 3rd International Conference on Language, Art and Cultural Exchange (ICLACE 2022)* (pp. 3-6). Atlantis Press.

Republic of the Philippines. (2009). Republic Act No. 9593: An Act Declaring a National Policy for Tourism as an Engine of Investment, Employment, Growth and National Development, and Strengthening the Department of Tourism and Its Attached Agencies to Effectively and Efficiently Implement That Policy, and Appropriating Funds Therefor. Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph/2009/05/12/republic-act-no-9593-s-2009/

Republic of the Philippines. (2010). Republic Act No. 10066: An Act Providing for the Protection and Conservation of the National Cultural Heritage, Strengthening the National Commission for Culture and the Arts (NCCA), and its Affiliated Cultural Agencies, and for Other Purposes. https://ncca.gov.ph/republic-act-no-10066/

Sari, F. O., & Nzli, M. (2013). A qualitative study on the pride notion of tourism and hospitality students in Turkey. *International Journal of Contemporary Economics & Administrative Sciences, 3*.

Smith, M. K. (2015). *Issues in cultural tourism studies* (2nd ed.). Routledge.

Sofronov, B. (2017). The economic impact on global tourism. *Annals of Spiru Haret University. Economic Series, 17*(12), 127–139.

Su, H. Y., & Chun, C. C. (2021). Chineseness, Taiwaneseness, and the traditional and simplified Chinese scripts: Tourism, identity, and linguistic commodification. *Language & Communication*, *77*, 35-45.

Surban, A. L. N., & Marbella, F. D. (2022). Istoryang Turismo Ng Bulusan. Research and Analysis Journal, 5(12), 30-38.

UNWTO. (2018). *Tourism culture synergies*. World Tourism Organization.